PAGBATI SA LAHAT MULA KAY AMBASSADOR & MADAME PHILIPPE J. LHUILLIER

Ika-21 ng Disyembre 2017

Mga Kababayan sa España at Andorra,

Una sa lahat, nais ko po kayong batiin ng Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!

Ako po ay labis na nagagalak at ako ang inatasan ng ating mahal na Pangulo na pumunta upang pangalagaan ang mga Pilipino dito sa España at Andorra. Sa maiksing panahon na ako ay nandito, aking nakita at naramdaman ang pagmamahal ng ating mga kababayan sa Pilipinas, sa ating kapwa at sa ating mga sarisariling pamilya.

Ang mga katangiang ito ng mga Pilipino ang labis pang nagpapa-angat ng ating kakayahan, kultura at kaisipan. Ito rin ang naging sandigan ko bilang Ambassador ng Pilipinas sa España at Andorra upang higit pang pagyamanin ang mga katangiang ito at isulong ang mga proyekto na lalong magpapatibay at magpapa-unlad ng ating mga kababayan dito sa España at Andorra.

Sa inyo pong lahat, kasama ko ang aking maybahay na si Edna, ang aking mga anak, at apo, ang ating mga Honorary Consuls at ang buong pamilya ninyo sa Philippine Embassy sa Madrid, ako po ay lubos pusong bumabati ng isang maligayang pasko at sana ay patuloy tayong basbasan ng maykapal ng mabuting kalusugan, masaganang pamumuhay at isang na namang taon na puno ng pag-asa at kapayapaan.

¡ Feliz Navidad a todos!

Sumasainyo,

PHILIPPE J. LHUILLIER
Ambassador